# Walong Kulay ng Ako

Bojo Evangelista
De La Salle-College of Saint Benilde
University of the Philippines

## ABSTRACT

Umiikot ang imahen ng tula sa isang personal at politikal na pagpapahayag ng isang kasapi ng komunidad ng LGBTQIA+. Mula sa pansariling pananaw na bahagi ng isang komunidad, ipinakita rito ang walong kulay ng ako sa kahon na kaugnay ng karanasan mula sa pagkakakulong sa kasariang taliwas sa panloob na nararamdaman, pagtanggap ng mga diskriminasyon at pagtatakwil ng lipunan, at ang pagtanggap sa katotohanan patungo sa pagtanggap ng sarili at kalayaan. Ipinapahayag sa bawat kulay ang mga natatanging emosyon at kalagayan nito na lumalaban sa konserbatibo at heteronormatibong pamantayan ng lipunan. Nagtapos ito sa isang malinaw na panawagang buksan ang isipan at kilalanin ng lipunan ang kaniyang karapatan sa tunay na pagkakakilanlan.

## KEYWORDS
ako, kasarian, kulay, pagkakakilanlan

## ARTICLE HISTORY

**Editor-in-Chief:**
Excelsa C. Tongson, DSD

**Received:**
March 14, 2025
**Revised:**
February 10, 2026
**Accepted:**
June 03, 2026

## Walong Kulay ng Ako

Ang kulay ng madilim na gabi ay itim.
Ang puso ko'y nakulong sa gitna ng dilim,
sa kasariang pagkaluwal nakatanim,
maging sa aking pangalan ay ikinimkim.

Ang kulay ng kalupaan ay kayumanggi.
Itong pangalang ninanais kong itanggi,



Corresponding Author: bojo.evangelista@dlsu.edu.ph

mga pangungutyang natatanggap palagi,
ako sa lipunang ito ay di bahagi.

Ang kulay ng dugong dumadaloy ay pula.
Umaagos ang pagnanais makawala,
mula sa bitbit nilang pangungutyang bala
ng lalaki sa lipunan ang nagtatala.

Ang kulay ng pagliyab ng apoy ay kahel.
Pinaigting ang liyab ng pagiging sutil,
mula sa lipunang lumalabis ang tabil
at ako ay pilit nilang itinatakwil.

Ang kulay ng papausbong-araw ay dilaw.
Mapait na karanasan ay aking tanglaw,
patuloy kong gabay sa aking tinatanaw,
pagkilala at pagkapantay aking sigaw.

Ang kulay ng kay yabong paligid, luntian.
Nakitang kong litaw na ang katotohanan,
tagos sa nais nilang pagkakakilanlan,
aking tinatanggap nang may paninindigan.

Ang kulay ng ligtas na paligid ay bughaw.
Sa mapangutyang lipunan kayo'y bumitaw,
buksan ang malawak n'yong isip nang luminaw
upang ang totoong ako'y inyong matanaw.

Ang kulay ng aming kalayaan ay lila.
Kalayaan sa lipuna'y hindi maputla.
Katapatan sa tunay na ako'y dakila.
Lalabas sa gabing madilim na masigla.

## Background

*"Sa isang 'makulay na buhay,' hindi hadlang ang ating pagkakaiba-iba. Sa isang "makulay na buhay,["] may respeto at bukas na pagtanggap sa angking talento, kakayahan at pagkakakilanlan ng bawat indibidwal."*

(Philippine Commission on Women, 2023)

Ang buhay ng tao ay sadyang makulay. Sa bawat yugto nito, mayroon itong maaaring maging kaakibat na kulay upang magsilbing salamin ng pagtindig at pagpapatuloy. Ang mga kulay rin na

ito ay magsisilbing paraan ng pagpapahayag ng mga tanging karanasan na sumasaklaw sa isang lipunang hindi tuluyang nagiging bukas sa pagkakaiba-iba ng bawat kasapi nito. Tinataglay ng bawat kulay ang partikular na karanasan ng isang indibidwal na bahagi ng komunidad ng LGBTQIA+ sa kasalukuyang lipunan. Sinaklaw ng kulay itim ang kadiliman sa pagkakatanim sa kasariang iba sa sariling nararamdaman; sinalamin ng kulay kayumanggi ang pamamahiya at pagtatakwil sa pagtanggi sa pangalan at kasariang naitanim; ipinapahayag ng pula ang dumadaloy na pagnanais makawala; ipinakita sa kulay kahel ang pagmamatigas at mapaghimagsik; ipinakita ang tanglaw sa kulay dilaw para sa pag-asa mula sa masakit na mga karanasan; ipinahayag sa kulay luntian ang pagtanggap sa katotohanan; sinaklaw ng bughaw ang panawagan para sa ingklusibong lipunan; at kulay nila na kumakatawan sa kalayaan bilang pinakamatayog na mithiin. Hindi lamang ito isang personal na pahayag ng makata kundi ito rin ang lumalawak na diskusyon tungkol sa patuloy na pakikipaglaban bilang mga bahagi ng komunidad para sa tunay na pagkilala, pagiging patas-pantay, at mapagpalaya.

Sa kasaysayan ng Pilipinas, mayroon nang pagtanggap sa pagkakakilanlang pangkasarian na masasabing hindi permanente o maaaring magbago sa paglipas ng panahon. Ang mga lalaking nagsusuot ng damit at kumikilos bilang babae na tinatawag na asog ay kinikilala na maaaring maging isang babaylan o mangangalakal. Ito ay kumakatawan sa ibang uring pangkasarian na katanggap-tanggap sa mga katutubo bago pa man tayo sakupin ng mga Kastila na nagpaigting ng konserbatibo at heteronormatibong lipunan. Binago ng mga mananakop ang pagtanaw rito dahil sa impluwensiya ng Simbahang Katoliko, kung saan inilihis sa pagiging kasalanan at karamdaman ang paglabas sa heteronormatibong panakda sa kasarian. (Torres, 2022)

Sa kasalukuyan, madalas tukuyin ang Pilipinas bilang pinakabukas at maluwag sa mga usaping nakapaloob sa komunidad ng LGBTQIA+ sa Asya, ngunit isa rin sa mga bansang may malaking pagkukulang sa mga legal na proteksyon at patuloy na diskriminasyon sa lipunan na tumatagos hanggang sa trabaho. Isang halimbawa nito ang mahigit dalawang dekada nang nakabinbing panukala sa Mataas at Mababang Kapulungan ng Kongreso na ang SOGIE Equality Bill na may layong magbigay ng matibay na proteksyon sa karapatan ng mga bahagi ng komunidad. (Presto, 2025)

Mula rito, ang pangunahing layunin ng akdang ito ay ihayag ang karanasan ng isang Pilipino mula sa paggamit ng personal at politikal na pagpapahayag. Sa paggamit ng walong kulay bilang simbolismo, ipinapakita ng may-akda ang katotohanan sa pamumuhay ng mga kasapi ng LGBTQIA+ sa bansa, na kadalasang umiikot sa pagtatago ng tunay na sarili, diskriminasyon, at paghahanap ng tunay na kalayaan. Kritikal din nitong sinasalamin ang kasalukuyang lipunang nagpapaigting ng pagtanggi sa pagkakakilanlan ng mga kasapi ng komunidad sa loob ng pamilya, paaralan, at iba't ibang bahagi ng lipunan. Dahil dito, ipinakita ang patuloy na panawagan tungo sa pagbabago ng lipunan upang mabuksan ang isipan ng publiko sa pagtanggap sa karapatan ng bawat isa, anuman ang pagkakakilanlan nito.

## Description

Ang tulang 'Walong Kulay ng Ako' ay naglalaman ng walong saknong na mayroong labintatlong pantig sa bawat taludtod. Ginamit na simbolo ang walong kulay sa isang kahon ng pangkulay upang sumalamin sa karanasan ng isang indibidwal na bahagi ng komunidad ng LGBTQIA+ sa lipunang Pilipino. Inilalahad nito ang tatlong karanasan ng mga bahagi ng komunidad: (1) pagkakakulong sa kasariang iba sa panloob na nararamdaman; (2) lipunang nagpapaigting ng diskriminasyon at pagtatakwil; at (3) pagharap sa katotohanan, paglaya, at pagtanggap sa sarili at ng lipunan. Sa paggamit ng walong kulay sa isang kahong pangkulay – itim, kayumanggi, pula, kahel, dilaw, luntian, bughaw, at lila – inilalahad ng makata ang mapanghamong paglalakbay ng mga bahagi ng komunidad sa loob ng lipunang konserbatibo at heteronormatibo.

## Significance/Contribution to Gender and Education

Malinaw na lumilitaw sa tula na ito ang isang panawagang buuin ang lipunang mapagpalaya sa anomang uri ng kasarian at tuldukan ang mga karahasang kanilang nararanasan dahil lumalabas sila sa tradisyunal, konserbatibo, at heteronormatibong kasariang nakukulong sa dalawang uri lamang na nakatuon sa ari. Bagama't nakikita nating unti-unting nagkakaroon ng pagkilala sa kanila sa lipunan, hindi pa rin natin maaaring alisin sa pakikibakang ito na sa takbo ng kasalukuyang lipunan, hindi pa rin sila tunay na malaya dahil marami pa tayong mga kuwentong hindi pa naririnig.

Binabanggit nina Leung & Adams-Whittaker (2022) na tumataas ang bilang ng mga akdang pampanitikan sa bansa na tumatalakay sa mga karanasan ng mga indibidwal na bahagi ng komunidad ng LGBTQIA+ na ginagamitan ng mga natural na simbolismo na mas nakalilikha ng daan at mas nakakapagpadali sa talakayan, higit lalo sa edukasyon tungkol sa pagkakaiba ng mga kasarian na lumalabas sa tradisyunal na kinagisnan ng lipunan. Kung titingnan, ang paggamit ng kulay bilang simbolismo sa kaligiran ng tula ay naging paraan upang ilapit sa edukasyon ang pagpapalaya ng pagpapahayag ng kasarian na maaaring magsimula sa konteksto ng edukasyon tungo sa malawak na lipunan.

Sa lumalawak na pag-aaral ng usaping pangkasarian na matatagpuan na rin sa kurikulum sa edukasyon, ipinakita ng akdang ito ang makabuluhang talakayan tungkol sa kasarian, pagkakakilanlan, at karapatan ng mga bahagi ng komunidad ng LGBTQIA+ sa bansa. Nagsisilbi ito bilang pangontrang naratibo sa naghaharing pagkakabuo ng lipunang may pagdiin sa mga marginalisado at nagpapalawak ng diskursong lapat sa alternatibong pananaw. Bilang isinulat ito sa wikang Filipino, ito ay isa ring porma ng pagkilos na iangkop sa masa ang kasangkapan sa pagpapahayag ng mga isyung tulad ng pangkasarian at karapatan, at diwa ng paglabas sa konolisasyong mentalidad na magpapalakas ng boses ng masa. (San Juan, 2021; Presto, 2025)

■ ■ ■

## References

Leung, E., & Adams-Whittaker, J. (2022). *Content analysis of LGBTQ picture books for elementary education through an intersectional lens.* Frontiers in Education, 6, Article 769769. https://doi.org/10.3389/feduc.2021.769769

Philippine Commission on Women. (2023, June 23). *Sa isang "makulay na buhay," hindi hadlang ang ating pagkakaiba-iba. Sa isang "makulay na buhay, may respeto at bukas na [Photograph].* Facebook. https://web.facebook.com/photo.php?fbid=646418450854196&set=a.224974599665252&id=100064581403911&_rdc=1&_rdr#

Presto, A. C. (2025). Contradictions in gender inclusivity and discrimination: Experiencing the paradoxical workplace in the Philippines. Sexuality, Gender & Policy, 8, e70014. https://doi.org/10.1002/sgp2.70014

San Juan, D. M. (2021). Bakit dapat manaliksik sa Filipino ang mga Pilipino?: Kritik sa Scopus-sentrismo ng mga unibersidad at ahensiyang pang-edukasyon at/o pampananaliksik sa Pilipinas. *Malay,* 34(1), 47–64. https://doi.org/10.59588/2243-7851.1063

Torres, F. L. M. (2022). Locating the asog: A historical account of Philippine gay identity in the Spanish colonial period. Humanities Diliman, 19(1), 1–29.